



Allied Healthcare Scholarship Program (AHSP)

Para sa Taon ng Pananalapi 2024-25 Gabay sa Grant

Layunin: Inilaan ang Gabay sa Grant na ito para magsilbi bilang isang komprehensibong mapagkukunan ng impormasyon at mga detalye ng programa. Makikita ng mga aplikante ang mga hakbang para makumpleto ang kanilang aplikasyon at masusuri ng mga Grantee ang mga kinakailangan sa programa upang makumpleto ang kanilang service obligation. **Mangyaring basahin ang gabay na ito, nang buo, bago makipag-ugnayan sa mga kawani ng programa.**

Dapat sumang-ayon ang lahat ng aplikante sa mga tuntunin at kundisyon bago makatanggap ng mga pondo. Hindi gagawa ang Department of Health Care Access and Information ng mga pagbabago sa mga tuntunin at kundisyon na tinukoy sa Gabay sa Grant na ito.

Talaan ng Mga Nilalaman

Seksyon I: Impormasyon Sa Grant ng AHSP	3
A. Background at Misyon	3
B. Mga Kinakailangan para sa Pagiging Kwalipikado	3
1. Mga Kinakailangan para sa Pagiging Kwalipikado ng Provider.....	3
2. Mga Kwalipikadong Disiplina	3
3. Kwalipikadong Heograpiya at Mga Lugar ng Pagtatalaga para sa isang Service Obligation ..	4
4. Kwalipikadong Cost of Attendance (Para sa 1 Taon).....	4
C. Halaga ng Award at Available na Pagpopondo.....	5
1. Available na Pagpopondo.....	5
2. Halaga ng Award.....	5
D. Pagsisimula ng isang Aplikasyon.....	5
E. Service Obligation	5
1. Mga Pagliban sa Lugar ng Trabaho.....	6
2. Mga Kinakailangan sa Komunikasyon	6
F. Mga Pamamaraan sa Pagsusuri at Pagmamarka.....	6
G. Proseso ng Award	7
H. Mga Deliverable sa Kasunduan sa Grant	7
I. Kinakailangang Dokumentasyon ng Grant.....	7
J. Mga Probisyon para sa Post Award at Pagbabayad	7
K. Patakaran sa Paglabag	8
L. Mahahalagang Petsa.....	9
M. Makipag-ugnayan sa Amin	9
Seksyon II: Teknikal na Gabay sa eApp	9
A. Teknikal na Gabay sa e-App ng Provider	9
1. Pag-access sa System ng Aplikasyon	9
2. Pagpaparehistro at Pag-log in	10
3. Pagsusumite ng Aplikasyon.....	10
4. Mga Bahagi ng Aplikasyon sa AHSP.....	10
Attachment A: Pamantayan sa Pagsusuri at Pagmamarka	10
Attachment B: Kasunduan sa Sample Grant	12

Seksyon I: Impormasyon sa Grant ng AHSP

A. Background at Misyon

Nakikipagtulungan ang Department of Health Care Access and Information (HCAI) para dagdagan at pag-iba-ibahin ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga scholarship at pagbabayad ng utang sa mga propesyonal sa kalusugan na estudyante at nagtapos na nagbibigay ng direktang pangangalaga sa pasyente sa mga komunidad na iyon.

Pinopondohan ang AHSP sa pamamagitan ng mga grant, donasyon, at espesyal na pondo. Bilang kapalit ng 12-buwang service obligation na nagsasanay at nagbibigay ng direktang pangangalaga sa pasyente sa isang komunidad na kulang sa serbisyo, maaaring makatanggap ang mga kwalipikadong aplikante ng hanggang \$15,000. Ang layunin ng programang ito ay dagdagan ang bilang ng mga naaangkop na sinanay na kaalyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng direktang pangangalaga sa pasyente sa isang lugar na kulang sa serbisyo o kwalipikadong pasilidad sa loob ng California.

B. Mga Kinakailangan para sa Pagiging Kwalipikado

1. Mga Kinakailangan para sa Pagiging Kwalipikado ng Provider

Upang maging kwalipikado para sa isang AHSP award, ang bawat aplikante ay dapat na:

- Nakapagsimula ng programa sa pagsasanay bago ang Oktubre 1, 2024
- Nakapagpa-enroll nang hindi bababa sa anim na yunit sa semestre, o katumbas nito, hanggang sa makumpleto ang programa
- May GPA na 2.0 o mas malaki para sa pinakabagong akademikong performance o katumbas nito
- Napapanatili ang GPA na 2.0 o mas mataas, hanggang sa makumpleto ang programa
- Magtapos pagkatapos ng Marso 31, 2025
- Walang anumang iba pang umiiral na service obligation sa ibang entidad, kasama ang iba pang programa ng HCAI
- Hindi lumalabag sa anumang iba pang service obligation ng HCAI
- Nakatuon sa pagbibigay ng 12 buwang service obligation sa isang lugar na kulang sa serbisyo o kwalipikadong pasilidad sa pagbibigay ng 32 oras o higit pa bawat linggo ng direktang pangangalaga sa pasyente sa loob ng anim na buwan ng pagtatapos
- Isang residente ng California
- Kumpletuhin at isumite ang aplikasyon sa [HCAI Funding Portal](#) bago ang Disyembre 13, 2024, sa alas-3 ng hapon.

2. Mga Kwalipikadong Disiplina

Kailangang kasalukuyang pumasa o naka-enroll ang mga aplikante ng AHSP sa isang akreditadong programa sa akademiko o sertipiko na naghahanda sa kanila na maging isa sa mga sumusunod na propesyonal:

• Anesthesia Technician	• Emergency Medical Technician	• Paramedic
• Anesthesiologist Assistant	• Tagapagturo ng Pangkalusugan (Health Educator)	• Perfusionist
• Auto-Transfusionist	• Home Health Aide	• Pharmacy Technician
• Cardiovascular Technologist	• International Board Certified Lactation Consultant	• Phlebotomist
• Sertipikadong Nurse Assistant (Certified Nurse Assistant)	• Lisensyadong Komadrona (Licensed Midwife)	• Physical Therapy Assistant
• Clinical Laboratory Scientist	• Medical Assistant	• Podiatrist
• Degreed Nutritionist	• Medical Imaging Technologist	• Radiation Therapy Technologist
• Dental Assistant	• Medikal na Interpreter (Medical Interpreter)	• Radiologic Technician

• Dental Hygienist	• Medical Laboratory Technologist	• Rehistradong Dietician (Registered Dietician)
• Diagnostic Medical Sonographer	• Nuclear Medicine Technologist	• Respiratory Therapist
• Doula	• Orthoptist	• Speech and Language Pathologist
• Electrocardiogram Technician	• Orthotist/Prosthetist	• Surgical Technician
•	•	• Ultrasound Technician

3. Kwalipikadong Heograpiya at Mga Lugar ng Pagtatalaga para sa isang Service Obligation

Para maging kwalipikado ang isang pasilidad, dapat ito ay nasa isa sa mga sumusunod na kwalipikadong heograpiya o inaprubahang lugar ng pagtatalaga:

• Children’s Hospital (Ospital para sa Mga Bata)	• Native America Health Center
• Correctional Facility (Bilangguan)	• Nonprofit Facility (Nonprofit na Pasilidad)
• County-Operated Health Facility (Pasilidad ng Pangkalusugan na Pinatatakbo ng County)	• Primary Care Shortage Area (PCSA)
• Federally Qualified Health Center (FQHC)	• Pasilidad ng Pamublikong Paaralan
• Health Professional Shortage Area – Dental (HPSA-D)	• Rural Health Clinic
• Health Professional Shortage Area – Mental Health (HPSA-MH)	• Skilled Nursing Facility
• Health Professional Shortage Area – Primary Care (HPSA-PC)	• State-Operated Health Facility (Pasilidad ng Pangkalusugan na Pinatatakbo ng Estado)
• Medically Underserved Area – (MUA)	• Substance Use Facility
•	• Veteran’s Facility

TANDAAN: Hindi isang kwalipikadong employer ang mga pansamantalang ahensya at kompanya ng serbisyo sa pamamahala. Upang maging kwalipikado habang nagtatrabaho para sa isa sa mga kompanyang ito, ang pasilidad kung saan ka nagbibigay ng direktang mga serbisyo sa pangangalaga ng kliyente ay dapat isa sa mga kwalipikadong heograpiya o lugar ng pagtatalaga na nakalista sa itaas.

TANDAAN: Kung nagbibigay ka ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth, kailangang may pisikal na opisina ang iyong employer sa California, at dapat isa ito sa mga kwalipikadong heograpiya o lugar ng pagtatalaga na nakalista sa itaas.

4. Kwalipikadong Cost of Attendance (Para sa 1 Taon)

Dapat mong isaad na mayroon kang mga gastos na nauugnay sa pag-aaral upang maging kwalipikado para sa isang award. Ang cost of attendance (CoA) ay ang kabuuang halaga na magagastos sa pagpasok mo sa iyong programa sa loob ng isang taon. Maaaring kabilang sa CoA ang mga sumusunod na gastusin:

- Matrikula at bayarin
- Silid tulugan at board sa loob ng campus (o allowance sa pabahay at pagkain para sa mga estudyante na nasa labas ng campus)
- Mga allowance para sa mga libro, supply, transportasyon, bayarin sa utang, at, kung naaangkop, umaasa sa pangangalaga.

Dapat makita sa CoA ang gastos na nauugnay para sa **isang taon lamang**. Kung ibinigay ang gastos para sa buong programa, dapat malinaw na isaad ang gastos para sa isang taon.

Dapat kunin ang CoA sa website ng iyong paaralan o opisina ng pinansyal na tulong. Tinatanggap ang mga screenshot.

C. Halaga ng Award at Available na Pagpopondo

1. Available na Pagpopondo

Tinatayang \$550,000 ang available para suportahan ang mga estudyanteng naka-enroll sa akreditadong programa sa akademiko o sertipiko. Available ang karagdagang pondo para suportahan ang mga estudyanteng naka-enroll sa mga kwalipikadong programa ng pagsasanay sa pangangalagang pangkalusugan sa reproductive.

Kung sakaling mayroong available na karagdagang pondo ng estado, may kakayahan ang HCAI na magpasyang gumawa ng karagdagang award.

2. Halaga ng Award

Ang pinakamataas na halaga ng award para sa Allied Healthcare Scholarship Program (AHSP) ay **\$15,000**. Ang HCAI ay maaaring magbigay ng buo, bahagya, o walang pondo sa isang aplikante batay sa tagumpay ng aplikante sa pagtugon sa mga pamantayan sa pagpili, at ang halaga ng available na mga pondo. Hindi bibigyan ang mga aplikante ng higit sa kanilang kabuuang cost of attendance para sa **isang taon** ng programa.

Layunin ng AHSP na hikayatin at panatilihin ang mga provider na nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan at kwalipikado sa mga lugar ng trabaho ng AHSP sa mga kulang sa serbisyong komunidad sa California. Maaaring mag-aplay ang grantee para sa karagdagang AHSP award para sa bawat taon na kwalipikado sila. Para sa bawat award, kailangang magbigay ang Grantee ng karagdagang isang taong service obligation. Upang manatiling kwalipikado, dapat naka-enroll pa rin ang indibidwal sa isang kwalipikadong kaalyado sa pangangalagang pangkalusugan na akreditadong programa sa akademiko o sertipiko at natutugunan ang lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa AHSP.

Dapat isumite ang bagong aplikasyon upang maisaalang-alang para sa isang award, dahil nangangailangan ang bawat service obligation ng isang hiwalay na kontrata, at hindi ituturing na pagpapatuloy ng isang dating kasunduan. Maaaring mag-aplay ang mga aplikanteng hindi napili para sa isang award para sa susunod na cycle.

D. Pagsisimula ng isang Aplikasyon

May pananagutan ang aplikante sa pagbibigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon at pagtiyak na tumpak ang impormasyong nakapaloob sa aplikasyon. Maaaring ituring na hindi kwalipikado ang isang aplikasyon dahil sa kakulangan ng impormasyon sa alinman sa aplikasyon o sa mga kinakailangang form. Ang mga aplikante ay dapat magparehistro at magsumite ng lahat ng aplikasyon (kabilang ang lahat ng kinakailangang form, dokumento at/at attachment) sa pamamagitan ng web-based eApp na <https://funding.hcai.ca.gov/>.

Dapat munang magparehistro ang mga bagong aplikante bilang isang user upang ma-access ang materyales sa aplikasyon. Dapat gamitin ng mga bumabalik na aplikante ang kanilang dating email at password para mag-login. Seksyon II: Naglalaman ang Teknikal na Gabay sa eApp ng Provider ng impormasyon tungkol sa kung paano irehistro at kumpletuhin ang iyong aplikasyon.

Maaaring mag-aplay ang mga aplikante ng higit sa isang scholarship ng HCAI o programa para sa pagbabayad ng utang nang sabay-sabay. Gayunpaman, kung ibibigay ang parehong programa, maaari ka lamang tumanggap ng isa.

E. Service Obligation

Ang mga Grantee ay dapat magbigay sa loob ng anim na buwan ng pagtatapos mula sa isang akreditadong kolehiyo o institusyong pangkarera mula sa isang kwalipikadong programa ng full-time na serbisyo sa direktang pangangalaga sa pasyente para sa isang termino na hindi bababa sa 12 buwan sa alinman sa isang kwalipikadong heograpiya o inaprubahang lugar ng pagtatalaga.

Inilalarawan ang “Full-time na Serbisyo’ bilang isang minimum na 32 oras ng direktang pangangalaga sa pasyente bawat linggo.

Ang ibig sabihin ng “Direktang Pangangalaga sa Pasyente” ay ang pagkakaloob ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na direktang ibinigay sa mga indibidwal na ginagamot o pinaghihinalaang may pisikal o sakit sa pag-iisip. Parehong kabilang sa direktang pangangalaga sa pasyente ang pang-iwas na pangangalaga na nakabatay sa personal at telehealth at unang hanay ng pangangasiwa.

Tinutukoy ang “Unang hanay ng pangangasiwa o First-line supervision” bilang direktang pangangasiwa ng mga kawani na nagbibigay ng direktang serbisyo ng pangangalaga sa pasyente/kliyente.”

1. Mga Pagliban sa Lugar ng Trabaho

Maaaring tumagal ang mga Grantee nang hanggang **apat (4) na linggo** sa panahon ng Termino ng Kasunduang ito, na umalis sa kanilang Inaprubahang Lugar ng Trabaho para sa anumang leave of absence na inaprubahan ng kanilang lugar ng trabaho, maliban kung kinakailangan upang sumunod sa naaangkop na batas ng pederal at estado, nang hindi naaapektuhan ang kanilang service obligation.

Kapag umabot ang Grantee ng higit sa **apat (4) na linggo** gaya ng binanggit sa itaas at sumang-ayon ang HCAI dito, pumapayag ang HCAI at Grantee na amyendahan ang termino ng Kasunduang ito upang palawigin ang service obligation para sa bawat araw ng pagliban sa pinapayagang **apat (4) na linggo**.

2. Mga Kinakailangan sa Komunikasyon

Dapat mag-email ang Grantee sa HCAI sa loob ng mga tinukoy na timeframe para sa mga sumusunod na kadahilanan:

- **15 araw ng kalendaryo kung ikaw ay:**
 - Mayroong anumang pagbabago sa full-time na status, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, pagbabawas sa bilang ng mga oras na nagbibigay ng direktang pangangalaga sa pasyente (bumaba sa 32 oras), pagwawakas, pagbibitiw, o leave of absence na lampas sa pinahihintulutang oras na nakabalangkas sa ilalim ng “Mga Pagliban sa Lugar ng Trabaho”.
- **30 araw ng kalendaryo kung ikaw ay:**
 - May anumang pagbabago sa lugar ng trabaho. Kukumpirmahin ng HCAI kung kwalipikado ang bagong lugar ng trabaho. Dapat isumite ang Employment Verification Form (EVF) sa Program Officer sa pamamagitan ng email.
 - Babaguhin ang iyong pangalan, address ng tirahan, numero ng telepono at/o email address. Dapat na ma-update ang iyong eApp “Profile” page upang ipakita ang pagbabagong ito bago makipag-ugnayan sa Program Officer sa pamamagitan ng email.
- **90 araw ng kalendaryo kung ikaw ay:**
 - Naghain ng petisyon sa HCAI para sa pagbabago ng halagang babayaran o isasauli at/o sa oras ng pagbabayad patungkol sa potensyal na paglabag sa kontrata.

TANDAAN: Lubos na inirerekomenda na makipag-ugnayan sa iyong Program Officer bago magkaroon ng bisa ang mga pagbabagong ito.

F. Mga Pamamaraan sa Pagsusuri at Pagmamarka

Nagtatag ang HCAI ng isang patas at walang kinikilingan na proseso para sa pagmamarka at pagsusuri ng mga aplikasyon. Sinusuri ang bawat aplikasyon ng mga kawani ng HCAI upang matasa ang pagiging kwalipikado at kakayahan sa paggawad ng mga ito ayon sa itinatag na pamantayan ng programa gaya ng nakabalangkas sa Attachment A: Pamantayan sa Pagsusuri at Pagmamarka. Hindi ginagarantiya ng pag-aaplay na mabibigyan ka ng award.

Maaaring gumawa ng maraming award ang HCAI. Mangyaring sumangguni sa Attachment A: Pamantayan sa Pagsusuri at Pagmamarka. Kasama sa mga pinal na award ang pagsasaalang-alang ng mga sumusunod na elemento:

1. Sa oras ng pagsasara ng aplikasyon, susuriin ng HCAI ang bawat aplikasyon para sa presensya o kawalan ng kinakailangang impormasyon alinsunod sa

mga kinakailangan sa pagsusumite.

2. Maaaring tanggihan ng HCAI ang mga aplikasyon na naglalaman ng mali o mapanlinlang na impormasyon.
3. Gagamitin ng HCAI ang pamantayan sa pagsusuri sa Attachment A: Pamantayan sa Pagsusuri at Pagmamarka upang markahan ang mga aplikasyon at magbibigay ng mga award sa mga aplikasyon na may pinakamataas na marka.

G. Proseso ng Award

Aabisuhan ng HCAI ang mga napiling aplikante pagkatapos ma-finalize ang lahat ng desisyon ng award. Maaaring mag-iba ang timeline para sa proseso ng award depende sa bilang ng mga aplikasyon na natanggap. Gagamitin ng HCAI ang DocuSign upang magpadala ng mga dokumento ng kontrata sa Grantee para sa pagsusuri at mga lagda. Kapag naipadala na ang kasunduan sa grant sa pamamagitan ng DocuSign, magkakaroon ang Awardee ng pitong araw na may trabaho para tanggapin at lagdaan ang kanilang kasunduan sa grant, o tanggihan ang kanilang kasunduan sa grant sa pamamagitan ng DocuSign.

TANDAAN: Mangyaring tiyakin na suriin ang iyong mga folder na “Junk/Spam” para sa kasunduan sa grant.

Pagwawakas ng Kontrata

Maaaring wakasan ng awardee ang kanilang kasunduan nang walang parusa, nang hindi lalampas sa 45 araw bago ang katapusan ng taon ng pananalapi kung saan nilagdaan ng HCAI sa kasunduan. Para humiling ng pagwawakas ng kasunduan, ang Awardee ay dapat:

1. Magsumite ng nakasulat na kahilingan sa pamamagitan ng email kasama ang kanilang dahilan para sa pagwawakas ng kasunduan.
2. Bayaran ang lahat ng halagang ibinayad sa Awardee alinsunod sa kanilang kasunduan. Dapat gawin ng awardee ang lahat ng pagbabayad bago matapos ang taon ng pananalapi kung saan nakatanggap ang awardee ng bayad mula sa HCAI.

Isasara ng HCAI ang kontrata, magkakaroon kaagad ng bisa. Walang parusang ibibigay sa HCAI, at papayagang mag-aplay muli ang Awardee sa hinaharap.

TANDAAN: Kapag administratibong naisara ang kontrata, ang aksyong ito ay hindi na maaaring baguhin.

H. Mga Deliverable sa Kasunduan sa Grant

Ang Grantee ay dapat na:

- Magsumite ng dalawang (2) Ulat Tungkol sa Progreso sa pamamagitan ng eAPp, sa panahon ng 12 buwang service obligation. Ang iskedyul ng mga ulat na ito ay batay sa petsa kung kailan ka nagsimulang magtrabaho sa iyong naaprubahang lugar ng trabaho.

I. Kinakailangang Dokumentasyon ng Grant

- Makipag-ugnayan sa Program Officer sa pamamagitan ng email para humiling ng form ng Graduation Date Verification (GDV) sa loob ng 30 araw ng pagtatapos mula sa programa at/o **anumang oras** na may pagbabago sa lugar ng trabaho.
- Makipag-ugnayan sa Program Officer sa pamamagitan ng email upang humiling ng Employment Verification Form (EVF) sa loob ng 60 araw ng pagtatapos at **anumang oras** na may pagbabago sa lugar ng trabaho.
- Makipag-ugnayan sa Program Officer sa pamamagitan ng email upang humiling at magsumite ng Payee Data Record form (STD204) **anumang oras** na mayroong pagbabago sa pangalan at/o address ng tirahan ng Grantee.

J. Mga Probisyon para sa Post Award at Pagbabayad

1. Inaasahan ng HCAI na sisimulan ng Grantee ang pagganap ng kasunduan sa grant sa petsa ng pagsisimula na nakalista sa mga dokumento ng grant. Ang ginawang trabaho, at mga pagbabayad

bago ang petsa ng pagsisimula ng kasunduan sa grant, ay hindi ibibilang sa mga kinakailangan para sa kasunduan sa grant.

2. Maaaring wakasan ng mga grantee ang Kasunduan, nang hindi lalampas sa 45 araw bago ang katapusan ng taon ng pananalapi kung saan nilagdaan ng HCAI ang kasunduang ito. Sumangguni sa Seksyon ng Pagwawakas ng Kontrata sa naunang pahina.
3. Direktang nagpapadala ng tseke ang State Controller's Office (SCO) sa address ng padadalhan ng Grantee na nakatala sa file. **Tandaan: Mangyaring tiyakin na nasa file ng HCAI ang iyong pinakabagong address ng padadalhan para maiwasan ang pagkaantala sa pagbabayad.** Tingnan ang Attachment B: Kasunduan ng Sample Grant, Seksyon D: Mga Probisyon sa Pagbabayad at Kinakailangan sa Pag-uulat para sa detalyadong impormasyon.
4. Hindi maaaring magbigay ang HCAI ng tax advice sa mga Grantee. Hindi mga propesyonal sa buwis ang HCAI at ang mga resulta ng buwis ay maaaring magkakaiba depende sa Grantee. Para sa kadahilanang ito, dapat humingi ang mga Grantee ng propesyonal na payo sa buwis.
5. Bilang isang Grantee, maaaring pana-panahong makipag-ugnayan sa iyo ang HCAI habang at pagkatapos ng iyong sevice commitment at hihilingin sa iyo na kumpletuhin ang isang survey. Mahalaga ang iyong pakikilahok sa aming kakayahang ipakita ang pagiging epektibo ng mga programang tulad nito at itaguyod ang pagpopondo sa hinaharap sa mga kalahok na tulad mo. Kung nakatanggap ka ng survey mula sa amin, malamang na naglalaman ito ng mga tanong tungkol sa iyong katayuan sa edukasyon/pagsasanay at trabaho. Umaasa kami na maglalaan ka ng oras para kumpletuhin ang mga naturang survey - karaniwang hindi hihigit sa isa o dalawa bawat taon at hindi hihigit sa limang (5) taon pagkatapos matapos ang iyong service commitment

TANDAAN: Makakatanggap ang lahat ng scholarship Grantee ng IRS 1099 form para sa kanilang scholarship award.

K. Patakarang sa Paglabag

Inilalaan ng HCAI ang karapatan na mabawi ang pera para sa kabiguan ng Grantee na gampanan ang mga obligasyong itinakda sa kasunduan sa grant. Sumangguni sa Attachment B: Kasunduan ng Sample Grant – Seksyon G: Paglabag para sa detalyadong impormasyon.

L. Mahahalagang Petsa

Ang mahahalagang petsa para sa taon ng programa ay ang mga sumusunod:

Kaganapan	Petsa	Oras
Available na Aplikasyon	Nobyembre 1, 2024	alas-3 ng hapon
Deadline ng Pagsusumite ng Aplikasyon	Disyembre 12, 2024	alas-3 ng hapon
Inaasahang Petsa ng Abiso ng Award	Pebrero 2025	N/A
Iminungkahing Petsa ng Pagsisimula ng Kasunduan sa Grant	Marso 31, 2025	N/A

M. Mga Mapagkukunan/Sanggunian

Nakatuon ang HCAI sa pagsuporta sa mga aplikante at awardee sa buong proseso ng aplikasyon at pagsubaybay sa kanilang panahon ng serbisyo. Upang makamit ang layuning ito, ibinigay ang karagdagang dokumentasyon ng mapagkukunan/sanggunian sa ibaba.

Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na dokumento para sa karagdagang impormasyon:

1. [Pagsusulit sa Pagiging Kwalipikado para sa Pagpopondo \(Funding Eligibility Quiz\)](#): Sagutin ang pagsusulit para malaman kung kwalipikado kang mag-aplay para sa HCAI Loan Repayment, Scholarship, Grant, o Small and Rural Hospital Project Reimbursement.
2. [Mga Madalas Itanong \(Frequently Asked Questions, FAQs\) sa Programa](#): Sinasagot ng dokumento ang mga karaniwang itinatanong na iniayon sa mga aplikante at awardee.
3. **Gabay sa Teknikal na Tulong**: Tinutulungan ang mga aplikante at awardee sa pag-navigate sa HCAI eApp Funding Portal at pagsusumite ng mga kinakailangang deliverable.

N. Makipag-ugnayan sa Amin

Mangyaring suriin ang lahat ng gabay, nang buo, bago makipag-ugnayan sa mga kawani ng programa. Anumang karagdagang tanong na may kaugnayan sa AHSP at sa eApp, ay maaaring i-email sa kawani ng HCAI sa HWDD-SCH@hcai.ca.gov.

[Mangyaring maglaan nang hanggang 24 na oras para sa pagtugon.](#)

Seksyon II: Teknikal na Gabay sa e-App ng Provider

A. Teknikal na Gabay sa e-App ng Provider

1. Pag-access sa System ng Aplikasyon

Ginagamit ng HCAI ang eApp para payagan ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at estudyante na magsumite ng mga aplikasyon. Naglalaman ang Gabay sa Grant na ito ng impormasyong kailangan mo upang kumpletuhin at magsumite ng aplikasyon sa eApp.

Para ma-access ang eApp, pumunta sa <https://funding.hcai.ca.gov/>. Para matiyak ang angkop na pagpapagana ng eApp, gamitin ang Chrome o Microsoft Edge, dahil hindi na sinusupportahan ang paggamit ng Internet Explorer. Inirerekomenda ang paggamit ng Windows-based na PC/laptop. **HINDI** namin inirerekomenda ang pag-access sa eApp, sa pamamagitan ng mga smartphone, tablet, at/o iOS-based na device.

2. Pagpaparehistro at Pag-log in

Ang lahat ng aplikante ay dapat magparehistro sa system ng eApp bago simulan ang isang aplikasyon. Para magparehistro bilang isang bagong user, i-click ang “Gumawa ng Account” na button sa home page at sundin ang mga tagubilin.

Pagkatapos isumite ang iyong email address at gumawa ng password, makakatanggap ka ng email (mula sa [no- reply@hcai.ca.gov](mailto:reply@hcai.ca.gov)) na may link sa pag-activate ng account. I-click ang link sa email para bumalik sa eApp at kumpletuhin ang page ng iyong user Profile. Pagkatapos makumpleto ang iyong user Profile, mag-navigate sa “Mag-aplay Dito” na tab para simulan ang iyong Aplikasyon.

3. Pagsusumite ng Aplikasyon

- Sa pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyon, sumasang-ayon ka sa Mga Tuntunin at Kundisyon ng grant.
- Hindi isasaalang-alang ng HCAI ang huli at/o hindi kumpletong mga aplikasyon. Para sa mas detalyadong impormasyon, sumangguni sa Seksyon I: Mahahalagang Petsa sa Gabay sa Grant na ito.
- Kapag na-click mo na ang “Isumite” na button, hindi **ka** na makakabalik para baguhin ang aplikasyon.
- Ang eApp ay magpapadala ng email ng kumpirmasyon ng pagsusumite.

4. Mga Bahagi ng Aplikasyon sa AHSP

Ang isinuniteng aplikasyon ay dapat maglaman ng lahat ng kinakailangang impormasyon at umayon sa format ng Gabay sa Grant.

May pitong seksyon ang aplikasyon ng AHSP para sagutan ng mga aplikante:

1. Pangkalahatang Impormasyon
2. Impormasyon sa Profile
3. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan (**isang kontak ang kinakailangan**)
4. Impormasyon sa Edukasyon
5. Propesyonal na Impormasyon
6. Scholarship Program Verification
7. Kasaysayan ng Pagtatrabaho
8. Mga Kinakailangang Dokumento
 - **Tiyakin na gumagamit ka ng tinatanggap na file format, o maaaring tanggihan ang iyong aplikasyon. Ang mga halimbawa ng tintanggap na format ng file ay .jpg, .doc, .docx, at .pdf.**
9. Sertipikasyon ng Aplikasyon

Attachment A: Pamantayan sa Pagsusuri at Pagmamarka

Mga Pangunahing Kategoriya	Mga Gabay	Mga Puntos
Mga Wikang Sinasalita	20 puntos: Nagsasalita ng isa o higit pang nakalistang wika nang matatas/sapat na makapagbibigay ng mga serbisyo ng direktang pangangalaga sa mga kliyente. 0 puntos: Hindi nagsasalita ng higit sa isang wika.	20 puntos ang pinakamataas

Gabay sa Grant ng Allied Healthcare Scholarship
Taon ng Pananalapi 2024-25

Mga Lugar/Populasyon na Kulang sa Medikal na Serbisyo	Nagboluntaryo o nagtrabaho ka ba sa isang lugar na kulang sa medikal na serbisyo o sa mga populasyon na kulang sa medikal na serbisyo sa Estados Unidos o sa ibang bansa? 20 puntos: Oo 0 puntos: Hindi	20 puntos ang pinakamataas
Petsa ng Pagtatapos	20 puntos: Ang petsa ng pagtatapos ay sa loob ng 2025 . 0 puntos: Ang petsa ng pagtatapos ay lampas sa Disyembre 31, 2025 .	20 puntos ang pinakamataas
Mahirap (Economically Disadvantaged)	Tulad ng tinukoy ng programang Scholarship para sa Mahihirap na Estudyante (Scholarship for Disadvantaged Students), natukoy ka ba bilang isang taong may mahirap na pinagmulan batay sa kapaligiran at/o pang-ekonomiyang mga kadahilanan, o nakatanggap ka ba ng pederal na Exception Financial Need Scholarship? 20 puntos: Oo 0 puntos: Hindi	20 puntos ang pinakamataas
Pang-akademikong Performance	10 puntos: Napapanatili ng estudyante ang 3.0+ na GPA 5 puntos: Napapanatili ng estudyante ang 2.0 – 2.99 na GPA 0 puntos: Napapanatili ng estudyante ang GPA na mas mababa sa 2.0	10 puntos ang pinakamataas
Kabuuang Puntos		90 puntos ang pinakamataas

Tandaan: Sa kaso ng isang pagtatabla, ang pagpili ay ibinibigay sa mga estudyanteng may mas maagang petsa ng pagtatapos at/o pumapasok sa isang paaralan sa California.

Attachment B: Kasunduan sa Sample Grant

KASUNDUAN SA GRANT SA PAGITAN NG
DEPARTMENT OF HEALTH CARE ACCESS AND INFORMATION
AT NG

[PANGALAN NG GRANTEE]

NUMERO NG KASUNDUAN SA GRANT **[NUMERO NG KASUNDUAN SA GRANT]**

ANG KASUNDUAN SA GRANT NA ITO (“Kasunduan”) ay isinagawa noong **[Petsa ng Pagsisimula ng Grant]** ng at sa pagitan ng Estado ng California, Department of Health Care Access and Information (na tutukuyin simula dito bilang “HCAI”) at **[Pangalan ng Provider]** (na tutukuyin simula dito bilang “Grantee”)

SAPAGKAT, sinusuportahan ng HCAI ang pagiging accessible ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng magkakaiba at karampatang workforce habang nagbibigay ng pagsusuri sa imprastruktura ng pangangalagang pangkalusugan ng California at pag-uugnay ng mga isyu sa workforce ng pangangalagang pangkalusugan.

SAPAGKAT, hinahangad ng HCAI na maisasakatuparan ang misyon nito sa pamamagitan ng paghihikayat sa mga estudyante sa pangangalagang pangkalusugan na magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga komunidad na kulang sa serbisyo sa buong California sa pamamagitan ng [Pangalan ng Program Cycle].

SAPAGKAT, nagbibigay ng suporta ang **[Acronym ng Programa]** sa mga estudyante sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga insentibo sa scholarship para sa mga programang pang-edukasyon sa pangangalagang pangkalusugan.

KUNG SAAN, pinili ng HCAI ang Grantee sa pamamagitan ng nararapat na pinagtibay na mga pamamaraan upang makatanggap ng mga pondo ng grant mula sa **[Acronym ng Programa]**.

KAYA NGAYON, napagkasunduan ng HCAI at ng Grantee ang mga sumusunod:

A. Mga Kahulugan

1. Ang ibig sabihin ng “Aborsyon” (gaya ng tinukoy ng California Health and Safety code section 123464) ay anumang medikal na paggamot na nilalayan upang himukin ang pagwawakas ng pagbubuntis maliban sa layunin ng pagkakaroon ng isang matagumpay na panganganak.
2. Kabilang sa “Mga serbisyong nauugnay sa aborsyon” ang mga sapolitang aborsyon na isinagawa ng isang sinanay na provider, sa ilalim ng malinis at ligtas na kondisyon ng kapaligiran, at paggamit ng mga makabagong pamamaraan (hal., vacuum aspiration), o ang paggamit ng mga de-kalidad na gamot na may mabisang regimen para sa medikal na aborsyon. Kasama rin sa serbisyong nauugnay sa aborsyon ang pamamahala sa sandaling makunan, pagpapayo at/o mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na may kaugnayan sa aborsyon, serbisyong kontraseptibo, link sa iba pang serbisyo sa kalusugang seksuwal at reproductibo, at mga koneksyon sa komunidad, gaya ng tinukoy sa ilalim ng pangangalaga pagkatapos ng aborsyon."
3. Ang “Inaprubahang Lugar ng Pagsasanay” at/o “Lugar ng Pagsasanay” ay isang pasilidad sa loob ng “Medically Underserved Area (MUA)” (gaya ng tinukoy sa Code of Regulations ng California, pamagat 22, seksyon 97700.35), na ang ibig sabihin ay isang heyograpikong lugar na itinalaga ng Direktor na nakakatugon sa isa sa mga sumusunod na hanay ng pamantayan:
 - a. Ang pangunahing pangangalaga na “Health Professional Shortage Area - Primary Care (HPSA-PC)” gaya ng itinalaga ng Kalihim ng U.S. Department of Health and Human Services sa ilalim ng awtoridad ng seksyon 254e ng Pamagat 42 ng United States Code Annotated.
 - b. Isang pasilidad na tinutukoy ng Direktor na may kakulangan sa mga tauhan ng pag-aalaga (BSNSP LAMANG) sa ilalim ng seksyon 128385 ng Health and Safety Code.

- c. Ang ibig sabihin ng “Health Professional Shortage Area - Mental Health (HPSA-MH)” ay isang lugar na itinalaga tulad nito ng U.S. Department of Health and Human Services, Health Resources and Service Administration, Bureau of Health Professions’ Shortage Designation Branch.
 - d. Ang ibig sabihin ng “Health Professional Shortage Area - Dental (HPSA-D)” (**AHSP at APHSP LAMANG**) ay isang lugar na itinalaga tulad nito ng U.S. Department of Health and Human Services, Health Resources and Service Administration, Bureau of Health Professions’ Shortage Designation Branch.
 - e. Pasilidad na isang California Nursing School (**BSNSP LAMANG**), Children’s Hospital, Correctional Facility, County-Operated Health Facility, Federally Qualified Health Center, Native American Health Center, Nonprofit Facility, Pasilidad ng Pampublikong Paaralan, Rural Health Clinic, Mga Skilled Nursing Facility, State-Operated Health Facility, Substance Use Facility, at/o Veteran’s Facility.
4. Ang ibig sabihin ng “Deputy Director” ay ang Deputy Director ng Office of Health Workforce Development (OHWD) o ang kanilang itinalaga.
 5. Ang ibig sabihin ng “Direktang Pangangalaga sa Pasyente” ay ang pagkakaloob ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na direktang ibinibigay sa mga indibidwal na ginagamot o pinaghihinalaang may mga pisikal o sakit sa pag-iisip. Kabilang ang, pang-iwas na pangangalaga na nakabatay sa personal at telehealth at unang hanay ng pangangasiwa. Ang ibig sabihin ng “Unang hanay ng Pangangasiwa o First-line Supervision” ay ang direktang pangangasiwa ng mga kawani na nagbibigay ng direktang pangangalaga sa pasyente/kliyente.
 6. Ang “Full-Time na Serbisyo” na hindi bababa sa 32 oras bawat linggo ay nagbibigay ng direktang pangangalaga sa pasyente.
 7. Ang ibig sabihin ng “Kasunduan sa Grant/Numero ng Grant” ay Numero ng Grant [**Numero ng Kasunduan sa Grant**], na ibinigay sa Grantee.
 8. Ang ibig sabihin ng “Grantee” ay isang aplikante na pinili ng HCAI upang makatanggap ng mga pondo ng grant.
 9. Ang ibig sabihin ng “Mga Pondo ng Grant” ay ang mga pondong ibinigay ng HCAI sa Grantee ayon sa Kasunduang ito at sa ilalim ng [Acronym ng Program] para sa tulong sa pagbabayad ng utang.
 10. Ang ibig sabihin ng “Programa” ay [Pangalan ng Program **Cycle**] [**Acronym ng Programa**].
 11. Ang ibig sabihin ng “Aplikasyon ng Programa” ay ang aplikasyon ng grant na isinumite sa elektronikong paraan ng Grantee at inaprubahan ng HCAI.
 12. Ang ibig sabihin ng “Tagapamahala ng Programa” ay ang tagapamahala ng HCAI na responsable para sa programa.
 13. Ang ibig sabihin ng “Ulat Tungkol sa Progreso” ay isang ulat na kinumpleto ng grantee at nilagdaan ng kanilang employer, na nagpapatunay na nakakatugon ang grantee sa kanilang kontraktwal na obligasyon na magbigay ng hindi bababa sa 32 oras ng direktang pangangalaga sa pasyente bawat linggo sa isang inaprubahang lugar ng pagsasanay. Nakatakda ang mga ulat tungkol sa progreso bawat anim (6) na buwan.
 14. Ang ibig sabihin ng “Kinatawan ng Programa” (tutukuyin simula dito bilang “Program Officer”) ay ang HCAI analyst na namamahala at nangangasiwa sa programa para sa pagbabayad ng utang at magiging pangunahing kontak para sa grantee sa panahon ng kanilang service obligation.
 15. Ang ibig sabihin ng “Estado” ay ang Estado ng California at kasama ang lahat ng Departamento, Ahensya, Komite at Commission nito.

B. Tuntunin ng Kasunduan

Ang Kasunduang ito ay magkakaroon ng bisa simula sa **[Petsa ng Pagsisimula ng Kontrata]** at magtatapos sa **[Petsa ng Pagtatapos ng kontrata]**.

C. Saklaw ng Trabaho

Sumasang-ayon ang Grantee sa sumusunod na Saklaw ng Trabaho. Kung sakaling magkaroon ng salungatan sa pagitan ng mga probisyon ng seksyong ito at ng Aplikasyon ng Programa ng Grantee, iiral ang mga probisyon ng Seksyon ng Saklaw ng Trabaho na ito:

Ang Grantee ay dapat na:

1. Sa panahon ng **[Petsa ng Pagsisimula ng Kontrata]** hanggang sa **[Petsa ng Pagtatapos ng Kontrata]** mag-enroll sa isang kwalipikadong programa ng edukasyon sa kalusugan na may hindi bababa sa anim na yunit ng semestre, o katumbas nito, panatilihin ang 2.0 na GPA o mas mataas sa programang pang-edukasyon na nakalista sa inapubahang Aplikasyon ng Programa para sa tagal ng programa hanggang sa maibigay ang isang degree/sertipikasyon, at kumpletuhin ang service obligation sa isang kwalipikadong pasilidad.
 - a. Magkaroon ng hanggang apat na linggo sa panahon ng Termino ng Kasunduang ito na umalis sa kanilang inapubahang lugar ng pagsasanay ng AHSP para sa bakasyon, mga holiday, patuloy na propesyonal na edukasyon, sakit, o anumang iba pang dahilan, maliban kung iniatas ng batas ng pederal at estado, nang hindi naapektuhan ang kanilang service obligation.
 - b. Kumuha ng pag-apruba mula sa HCAI para sa higit sa apat (4) na linggo ng leave at sumang-ayon na amyendahan ang termino ng Kasunduang ito upang palawigin ang service obligation para sa bawat araw ng pagliban sa loob ng apat (4) na linggo.
2. Sa loob ng 30 araw kasunod ng pagtatapos:
 - a. Magsumite ng Form ng Graduation Date Verification (GDV) na nagpapatunay na nasa mabuting katayuan ang Grantee at nagtapos sa programang pang-edukasyon na nakalista sa naapubahang Aplikasyon ng Programa.
3. Sa loob ng anim na buwan kasunod ng pagtatapos mula sa programang pang-edukasyon na nakalista sa naapubahang Aplikasyon ng Programa:
 - a. Magsimula ng full-time (hindi bababa sa 32 oras ng direktang pangangalaga sa pasyente bawat linggo) sa isang kwalipikadong pasilidad sa California para sa tagal na hindi bababa sa 12 buwan.
 - b. Magbigay ng patunay ng full-time na trabaho sa HCAI, kabilang ang petsa ng pag-hire, posisyon, at oras na nagtatrabaho bawat linggo. Magbibigay ang HCAI ng mga form kung kinakailangan sa Grantee.
 - c. Magbigay ng kopya ng lisensya, rehistro o sertipiko kasama ang numero ng lisensya na ibinigay ng naaangkop na lupon ng paglilisensya ng California at/o organisasyong nagpapatunay, kung hihilingin.
4. Ilapat ang lahat ng Pondo ng Grant sa (mga) kwalipikadong gastusin sa edukasyon dahil sa Cost of Attendance na nakalista sa naapubahang Aplikasyon ng Programa, sa panahon ng termino ng Kasunduang ito. Ang trabahong isinagawa, at ang mga pagbabayad na ginawa bago ang petsa ng pagsisimula ng Kasunduan sa Grant, ay hindi isasali sa mga kinakailangan para sa Kasunduan sa Grant. Ang hindi pagsunod sa probisyong ito ay isang mahalagang paglabag sa Kasunduang ito at magreresulta sa mga parusa gaya ng inilarawan sa ibaba.

5. Ipaalam sa HCAI, sa pamamagitan ng sulat, ang anumang pagbabago sa pangalan, address na padadalhan, numero ng telepono, at e-mail address sa loob ng 30 araw ng mga pagbabago.
6. Dapat abisuhan ng Grantee ang HCAI sa loob ng 30 araw para sa anumang pagbabago sa lugar ng trabaho. Kukumpirmahin ng HCAI kung ang bagong lugar ng trabaho ay isang Inaprubahang Lugar ng Pagsasanay. Dapat makipag-ugnayan ang mga Grantee sa kanilang Program Officer (tinukoy sa ilalim ng Seksyon K. HCAI at Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Grantee) upang i-verify ang pagiging kwalipikado ng isang potensyal na bagong employer bago lumipat ng mga lugar ng trabaho.
7. Isumite sa HCAI ang lahat ng hiniling na impormasyon at dokumento sa panahon ng termino ng Kasunduang ito [**Petsa ng Pagsisimula ng Kontrata**] hanggang sa [**Petsa ng Pagtatapos ng Kontrata**]. Maaaring humiling ang HCAI ng impormasyon kabilang ang, Form ng Scholarship Program Verification (SPV), Form ng Graduation Date Verification (GDV), Employment Verification Form (EVF), at Mga Ulat Tungkol sa Progreso.
8. Huwag makipagkontrata sa ibang entidad upang propesyonal na magsanay sa loob ng panahon ng Kasunduang ito para sa pinansyal na benepisyo, kabilang ang pagbabayad ng matrikula, mga iskolarship, utang, o isang pagbabayad ng utang. Hindi kwalipikado ang Grantee na tumanggap ng scholarship sa ilalim ng Kasunduang ito hanggang sa matupad ang magkasalungat na obligasyon sa anumang entidad. Ang “Public Service Loan Forgiveness (PSLF) Program” ay hindi itinuturing na isang service obligation.
9. Nilalayon ng HCAI na suriin ang bisa ng Programang ito sa pamamagitan ng pana-panahong mga survey ng mga naunang kalahok. Sa pamamagitan nito, kinikilala ng Grantee na maaaring makipag-ugnayan ang HCAI sa Grantee sa loob ng limang (5) taon pagkatapos ng pagtatapos ng service obligation para sa mga layunin ng pagsusuri ng Programa.

D. Mga Probisyon sa Pagbabayad at Kinakailangan sa Pag-uulat

1. Dapat gumawa ang HCAI ng **isang** pagbabayad ng Mga Pondo ng Grant sa loob ng Termino ng Serbisyo, simula sa [**Petsa ng Pagsisimula ng Kontrata**] hanggang sa [**Petsa ng Pagtatapos ng Kontrata**], na direktang mababayaran sa Grantee. Inilalaan ng HCAI ang karapatang baguhin ang mga probisyon ng pagbabayad sa loob ng termino ng Kasunduan, kung kinakailangan.
2. Gagawin ang mga pagbabayad alinsunod sa Kodigo ng Pamahalaan, Pamagat 1, Dibisyon 3.6, Bahagi 3, Kabanata 4.5, na magisimula sa Seksyon 927 at ang mga sumusunod.
3. Susubaybayan ang mga service obligation sa pamamagitan ng regular na pagsusumite ng mga ulat tungkol sa progreso ng Grantee sa isang dalawang beses bawat taon na batayan. Inilalaan ng HCAI ang karapatang dagdagan o bawasan ang bilang ng mga ulat tungkol sa progreso na kailangang isumite sa loob ng termino ng Kasunduan, kung kinakailangan. Walang anuman sa Kasunduang ito ang nag-aalis sa Grantee ng pangunahing responsibilidad na bayaran ang mga pang-edukasyong utang na nakalista sa inaprubahang aplikasyon ng programa. Bibigyan ng bayad ang grantee alinsunod sa HCAI na tumatanggap ng mga ulat tungkol sa progreso. Makakatanggap ang Grantee ng automated na email mula sa no-reply@hcai.ca.gov kapag available ang kanilang ulat tungkol sa progreso para mai-download at maisumite sa Funding e-App portal. Magiging available ang mga ulat tungkol sa progreso para mai-download nang humigit-kumulang isang buwan bago ang itinakdang petsa.
4. Ang kabuuang obligasyon ng HCAI sa ilalim ng Kasunduang ito ay dapat **\$(Halaga ng Award)** at dapat bayaran ayon sa sumusunod:
 1. **\$(PAGBABAYAD)** kapag naisakatuparan ang Kasunduan sa Grant na ito sa [**Petsa ng Pagsisimula ng Kasunduan sa Grant**].
5. Nakasalalay ang mga pagbabayad sa pagtanggap ng HCAI ng dokumentasyon ng probisyon ng service obligation ng Grantee, at iba pang dokumento ayon sa kinakailangan ng HCAI. Dapat gawin ang pagbabayad sa loob ng 45 araw ng kalendaryo mula sa pagpapatupad ng Kasunduang ito. Ang mga pagbabayad sa ilalim ng

Kasunduang ito ay ibinibigay nang hiwalay sa anumang takdang petsa ng pagbabayad ng utang at maaaring gawin anumang oras sa loob ng termino ng Kasunduang ito.

E. Buwis sa Award

Hindi nagbibigay ang HCAI ng payo sa buwis at hindi maaaring ituring ang seksyong ito bilang payo sa buwis mula sa HCAI. Dapat humingi ng payo ang Grantee mula sa isang independiyenteng consultant sa buwis sa (mga) pinansyal na implikasyon ng anumang pondong natanggap mula sa HCAI. Hindi nagbabawas ng mga buwis ang HCAI mula sa ibinabayad sa mga Grantee. Magbibigay ang HCAI ng IRS 1099 form para sa Kasunduang ito.

F. Sugnay para sa Contingency ng Badyet

1. Sumasang-ayon ang mga partido na kung ang Batas sa Badyet ng kasalukuyang taon at/o anumang mga susunod na taon na nasasaklaw sa ilalim ng Kasunduang ito ay hindi nagbibigay ng sapat na pondo para sa programa, mawawalan ng bisa ang Kasunduang ito. Sa sitwasyong ito, walang pananagutan ang HCAI na magbayad ng anumang pondo sa Grantee o magbigay ng anumang iba pang pagsasaalang-alang sa ilalim ng Kasunduang ito at hindi obligado ang Grantee na magsagawa ng anumang mga probisyon ng Kasunduang ito.
2. Kung ang pagpopondo para sa anumang taon ng pananalapi ay binabawasan o tinanggal ng Batas sa Badyet para sa mga layunin ng Programa, magkakaroon ng opsyon ang HCAI na kanselahin ang Kasunduang ito nang walang pananagutan na mangyayari sa HCAI o mag-alok ng isang pag-amenyada sa Kasunduan sa Grantee upang ipakita ang nabawang halaga.

G. Paglabag

Inilalaan ng HCAI ang karapatan na bawiin ang sumusunod na parusa para sa pagkabigo ng Grantee na isagawa ang mga obligasyong itinakda sa Kasunduang ito:

1. Para sa hindi matagumpay na pagsisimula at pagkumpleto ng service obligation ng Grantee, dapat bawiin ng HCAI ang lahat ng sumusunod:
 - a. Ang kabuuang halagang binayaran ng HCAI sa, o sa ngalan ng Grantee para sa mga pagbabayad ng utang para sa anumang tagal ng service obligation na hindi naibigay; at
 - b. Isang halaga na katumbas ng 10% ng kabuuang award kasama ang interes.
2. Babayaran ang anumang halaga na nararapat bawiin ng HCAI mula sa Grantee para sa paglabag sa Kasunduang ito sa loob ng isang taon mula sa petsa na natukoy ng HCAI na lumabag ang Grantee sa Kasunduang ito.
3. Alinsunod sa Kodigo ng Pamahalaan 16580-16586, may awtoridad ang HCAI na ayon sa batas na kolektahin ang anumang natitirang utang. Maaaring subukan ng HCAI na mangolekta mula sa Franchise Tax Board o sa anumang mga offset ng Medi-Cal. Maaaring makipag-ugnayan ang HCAI sa Employment Development Department, ang Board of Equalization at/o isang ahensya ng pagkolekta sa pagsisikap na makuha ang kabayaran ng inutang na pondo.
4. Hindi magiging kwalipikado ang Grantee na mag-apply para sa anumang Programa ng HCAI sa hinaharap kung higit nilang nilabag ang kanilang kontrata maliban kung nakakakuha ng tulong ang Grantee sa ilalim ng Seksyon H.

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, sinuri at kinikilala ng Grantee ang mga tuntunin sa ilalim ng Seksyon G: Paglabag.

[Buong Pangalan ng Grantee]

Petsa

H. Mga Probisyon para sa Pagsususpende, Waiver, Pagkansela o Boluntaryong Pagwawakas ng Serbisyo

1. Ang anumang service obligation o obligasyon sa pagbabayad na natamo ng Grantee ay kakanselahin sa pagkamatay ng Grantee.
2. Maaaring i-waive o sususpindihin ng HCAI ang Service Obligation ng Grantee o obligasyon sa pagbabayad na natamo sa ilalim ng Kasunduang ito kung ang Grantee ay permanenteng nawalan ng kakayahan dahil sa sakit o pinsala, na pumipigil sa Grantee mula sa pagsasanay ng kanyang propesyon, o pinipigilan ang Grantee na makakuha ng anumang iba pang kapaki-pakinabang na trabaho. Inilalaan ng HCAI ang karapatang humiling ng dokumentasyon sa medikal o kapansanan kung itinuring na kinakailangan upang makumpleto ang kahilingan sa waiver o pagsususpende. Dapat magsumite ang Grantee ng nakasulat na kahilingan sa HCAI para sa waiver ng pagsususpende ng mga service obligation ng Grantee. Maaaring bigyan nang hanggang isang taon ang pagsususpende sa obligasyon ng Grantee kung ang pagsunod ng Grantee ay pansamantalang imposible o napakahirap. Ang karagdagang oras na kinuha ay magpapahaba sa petsa ng pagtatapos ng Termino ng Serbisyo. (Tandaan: Permanenteng inaalis ng waiver ang lahat o bahagi ng Service Obligation ng Grantee, gayunpaman, hindi regular na ibinibigay ang mga waiver at nangangailangan ng pagpapakita ng mga nakakahimok na sitwasyon).
3. Maaaring ibigay ng HCAI ang bahagi o kabuuang waiver o pagsususpende ng anumang service obligation o obligasyon sa pagbabayad ng Grantee sa tuwing imposible ang pagsunod ng indibidwal o magsasangkot ng matinding paghihirap sa indibidwal at kung hindi magiging makatwiran ang pagpapatupad ng naturang obligasyon na may kinalaman sa sinumang indibidwal.
4. Maaaring ibigay ang leave of absence para sa medikal o personal na mga kadahilanan nang hanggang anim na buwan kung nagbigay ang Grantee ng hiwalay na medikal na dokumentasyon ng kapansanan sa pisikal o mental na kalusugan o personal na mga pangyayari, kabilang ang malubhang pagkakasakit ng isang malapit na miyembro ng pamilya, na nagreresulta sa pansamantalang kawalan ng kakayahan ng Grantee na gampanan ang kanilang service obligation. Kailangang magsumite ang grantee ng nakasulat na kahilingan sa HCAI na dapat maaprubahan nang hindi bababa sa 30 araw ng kalendaryo bago simulan ang anumang leave of absence. Babaguin ng mga panahon ng inaprubahang leave of absence sa serbisyo ang petsa ng pagtatapos ng Termino ng Serbisyo pagkatapos ng isang pag-amyenda sa Kasunduan sa Grant.
5. Kung plano ng Grantee na umalis sa kanyang (mga) inaprubahang lugar ng pagsasanay para sa paternity/maternity/adoption leave, kinakailangang ipaalam ng Grantee sa HCAI nang hindi bababa sa 60 araw ng kalendaryo bago kumuha ng leave. Pinahihintulutan ng HCAI ang mga Grantee na umalis sa kanilang (mga) inaprubahang lugar ng pagsasanay sa loob ng mga timeframe na itinakda ng alinman sa Family Medical Leave Act (hanggang 12 linggo), o iba pang batas ng pederal at estado; gayunpaman, dapat sumunod ang Grantee sa mga patakaran sa pag-leave ng kanyang inaprubahang lugar ng pagsasanay.
6. Ang Panawagan para sa Aktibong Tungkulin sa Sandatahang Lakas, leave of absence, o pagsususpende ng serbisyo ay maaaring ibigay sa mga Grantee na mga reservist ng militar at tinatawag sa aktibong tungkulin;

Maaaring pagkalooban ang mga grantee ng mula anim na buwan hanggang isang taon, simula sa petsa ng pag-activate na inilarawan sa panawagan ng reservist sa kautusan ng aktibong tungkulin. Bilang karagdagan sa nakasulat na kahilingan para sa pagsususpende, kailangang isumite ang isang kopya ng Kautusan sa aktibong tungkulin sa HCAI. Hindi maki-credit ang panahon ng aktibong tungkulin sa service obligation. Ang mga panahon ng naaprubahang leave of absence sa serbisyo ay magpapahaba sa petsa ng pagtatapos ng Kasunduan ng Grantee.

7. Dapat wakasan ng HCAI ang Kasunduan nang hindi lalampas sa 45 araw bago matapos ang taon ng pananalapi ng estado kung saan ginawa ang Kasunduan, kung ang Grantee ay:
 - a. Nagsumite ng nakasulat na kahilingan ng terminasyon; at
 - b. Binabayaran ang lahat ng halagang ibinayad sa Grantee alinsunod sa Kasunduang ito. Anumang pagbabayad para sa isang taon ng service obligation ay dapat gawin nang hindi lalampas sa katapusan ng taon ng pananalapi kung saan kinukumpleto ng Grantee ang naturang taon ng serbisyo.

I. Pagbabago ng Lokasyon ng Pagsasanay

1. Maaaring humiling ang Grantee na pahintulutan siya ng HCAI na baguhin ang lokasyon ng pagsasanay mula sa isang inaprubahang lugar ng pagsasanay sa isa pa. Kailangang nakasulat ang kahilingan at dapat matanggap at maaprubahan ng HCAI, hindi bababa sa 30 araw ng kalendaryo bago ang gustong pagbabago. Kung hindi inaprubahan ang iminungkahing lugar ng pagsasanay sa paglipat at tumanggi ang Grantee sa pagtatalaga sa isa pang inaprubahang lugar ng pagsasanay, ang Grantee ay maaaring mailagay sa paglabag.
2. Ang mga grantee na boluntaryong nagbitiw sa kanilang (mga) naaprubahang lugar ng pagsasanay nang walang paunang pag-apruba mula sa HCAI o tinanggal ng kanilang (mga) inaprubahang lugar ng pagsasanay para sa kadahilanan ay maaaring mailagay sa paglabag. Dapat abisuhan ng Grantee ang HCAI sa pamamagitan ng sulat tungkol sa agarang terminasyon.
3. Kung mawawalan ng trabaho ang Grantee o ipinaalam ng kanyang lugar ng pagsasanay ang petsa ng pagwawakas, dapat ipaalam kaagad ng Grantee sa HCAI sa pamamagitan ng sulat. Maaaring palawigin ang Kasunduan sa panahong walang lugar sa pagsasanay ang Grantee, hangga't hindi lalampas ng anim na buwan ang panahon na walang lugar sa pagsasanay at hangga't ang trabaho ay hindi resulta ng pagwawakas nang may dahilan. Kung kailangan ng karagdagang oras, at ang panahon na walang lugar sa pagsasanay ay hindi resulta ng pagwawakas nang may dahilan, maaaring abisuhan ng Grantee ang HCAI sa pamamagitan ng sulat, na humiling ng karagdagang oras. Ipapaalam ng HCAI sa Grantee ang kanilang desisyon sa pamamagitan ng sulat.

J. Executive Order N-6-22 – Mga Parusa sa Russia

Noong Marso 4, 2022, naglabas si Gobernador Gavin Newsom ng Executive Order N-2-22 (ang EO) hinggil sa mga Parusang Pang-ekonomiya laban sa Russia at entidad at indibidwal ng Russia. Ang “Mga Parusang Pang-ekonomiya o Economic Sanctions” ay tumutukoy sa mga parusang ipinataw ng gobyerno ng U.S. bilang tugon sa mga aksyon ng Russia sa Ukraine, gayundin sa anumang parusang ipinataw sa ilalim ng batas ng estado. Ang EO ay nag-uutos sa mga ahensya ng estado na wakasan ang mga kontrata sa, at pigilin ang pagpasok ng anumang bagong kontrata sa, mga indibidwal o entidad na determinadong maging target ng mga Parusang Pang-ekonomiya. Alinsunod dito, kung matukoy ng Estado na isang target ng Parusang Pang-ekonomiya ang Kontratista o nagsasagawa ng mga ipinagbabawal na transaksyon sa mga pinarusahang indibidwal o entidad, iyon ang magiging batayan para sa pagwawakas ng kasunduang ito. Dapat magbigay ang Estado ng paunang nakasulat na abiso sa Kontratista ng naturang pagwawakas, na nagpapahintulot sa Kontratista ng hindi bababa sa 30 araw ng kalendaryo na magbigay ng nakasulat na tugon. Ang pagwawakas ay dapat sariling pagpapasya ng Estado.

K. Pangkalahatang Tuntunin at Kundisyon

1. Napapanahon: Mahalaga ang oras sa Kasunduang ito. Magsusumite ang Grantee ng mga kinakailangang deliverable gaya ng tinukoy at susunod sa mga deadline gaya ng tinukoy sa Kasunduang ito. Inaasahan ang mga potensyal na overlap, salungatan, at problema sa pag-iskedyul, upang sumunod sa mga tuntunin ng Kasunduan, ay ang tanging responsibilidad ng Grantee.
2. Pinal na Kasunduan: Ang Kasunduang ito, kasama ang Aplikasyon ng Grantee, ay nagpapakita at bumubuo ng kabuuan at pinal na kasunduan sa pagitan ng mga partido at pumapalit sa lahat ng dating oral o nakasulat na kasunduan o talakayan. Anumang salungatan sa pagitan ng mga probisyon ng Kasunduang ito at ng aplikasyon, mga eksibit, at form ng Grantee, ang mga probisyon ng Kasunduang ito ay mananaig.
3. Pinagsama-samang Solusyon: Ang kabiguang paggamit o pagkaantala sa pagsasagawa, sa panig ng HCAI, anumang karapatan, solusyon, kapangyarihan o pribilehiyo ay hindi dapat gumana bilang isang waiver; at wala sa alinman sa isa o bahagyang paggamit ng anumang karapatan, solusyon, kapangyarihan o pribilehiyo ay hahadlang sa anumang iba pa o karagdagang paggamit nito o paggamit ng anumang iba pang karapatan, solusyon, kapangyarihan o pribilehiyo. Ang mga karapatan, solusyon, kapangyarihan, at pribilehiyong ibinigay dito ay pinagsama-sama at hindi eksklusibo sa anumang karapatan, solusyon, kapangyarihan, at pribilehiyong ipinagkaloob ng batas.
4. Batas sa Pagmamay-ari at Pamublikong Talaan: Ang lahat ng ulat at ang sumusuportang dokumentasyon at data na nakolekta sa panahon ng pagpopondo na nakapaloob sa mga ulat na iyon, ay dapat maging pag-aari ng Estado at napapailalim sa California Public Records Act (Kodigo ng Gobyerno §§ 6250 at ang mga sumusunod).
5. Kalayaan mula sa Estado: Ang Grantee, sa pagsasagawa ng Kasunduang ito, ay dapat kumilos sa isang independiyenteng kapasidad at hindi bilang mga opisyal o empleyado o ahente ng Estado.
6. Waiver: Ang waiver sa pamamagitan ng HCAI ng paglabag sa anumang probisyon ng Kasunduang ito ng Grantee ay hindi gagana o ituturing bilang isang waiver ng anumang iba pang paglabag. Malinaw na inilalaan ng HCAI ang karapatang diskwalipikahin ang Grantee mula sa anumang mga award sa hinaharap na grant para sa hindi pagsunod sa mga tuntunin ng Kasunduang ito.
7. Pag-apruba: Walang bisa ang Kasunduang ito hangga't hindi nilalagdaan ng parehong partido. Hindi maaaring simulan ng Grantee ang pagsasagawa hangga't hindi pa nakuha ang naturang pag-apruba.
8. Pag-amyenda: Walang pag-amyenda o pagkakaiba-iba ng mga tuntunin ng Kasunduang ito ang magiging valid maliban kung isinulat, nilagdaan ng mga partido at inaprubahan ayon sa kinakailangan. Walang oral na pag-unawa o kaayusan na hindi kasama sa Kasunduan ang nagbubuklod sa alinman sa mga partido.
9. Pagtatalaga: Hindi maaaring italaga ng Grantee ang Kasunduang ito, buo man o bahagi, nang walang pahintulot ng HCAI sa anyo ng isang pormal na nakasulat na pag-amyenda.
10. Kompensasyon: Sumasang-ayon ang Grantee na magbigay ng kompensasyon, protektahan at iligtas ang Estado, ang mga opisyal, ahente, at empleyado nito mula sa anuman at lahat ng paghahabol at pagkalugi na naipon

o nagreresulta sa sinumang tao, kompanya, o korporasyon na maaaring masugatan o mapinsala ng Grantee sa pagsasagawa ng Kasunduang ito.

11. Mga Hindi Pagkakaunawaan: Ipagpapatuloy ng Grantee ang mga responsibilidad sa ilalim ng Kasunduang ito sa panahon ng anumang hinid pagkakaunawaan. Ang anumang hindi pagkakaunawaan na nagmula sa Kasunduang ito ay dapat resolbahin gaya ng mga sumusunod:
 - a. Impormal na tatalakayin ng Grantee ang hindi pagkakaunawaan sa Tagapamahala ng Programa ng HCAI. Kung hindi naresolba, dapat iharap ang hindi pagkakaunawaan, sa pamamagitan ng sulat, sa Deputy Director, na nagsasaad ng mga isyu sa hindi pagkakaunawaan, ang batayan para sa posisyon ng Grantee, at ang solusyong hinahangad. Dapat isama ng Grantee ang mga kopya ng anumang dokumentaryo na ebidensya at ilarawan ang anumang iba pang ebidensya na sumusuporta sa kanilang posisyon sa kanilang pagsusumite sa Deputy Director.
 - b. Sa loob ng sampung araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang nakasulat na karaingan mula sa Grantee, gagawa ng pagpapasya ang Deputy Director o ang kanilang itinalaga at magbibigay ng tugon sa pamamagitan ng sulat sa Grantee na nagsasaad ng desisyon at mga dahilan para dito.
 - c. Sa loob ng sampung araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang desisyon ng Deputy Director, maaaring mag-apela ang Grantee sa Chief Deputy Director ng HCAI na nagsasaad kung bakit hindi sumasang-ayon ang Grantee sa Desisyon ng Deputy Director. Ang Chief Deputy Director o itinalaga (na hindi maaaring maging Deputy Director o ang Itinalaga nila) ay makikipagpulong sa Grantee sa loob ng 20 araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang apela ng Grantee. Sa pagpupulong na ito, maaaring magpakita ang Grantee at HCAI ng ebidensya bilang suporta sa kanilang mga posisyon.
 - d. Sa loob ng sampung araw ng trabaho pagkatapos makipagpulong sa Grantee, kailangang tumugon ang Chief Deputy Director ng HCAI o ang kanilang itinalaga sa pamamagitan ng sulat sa Grantee kasama ang kanilang desisyon. Ang desisyon ng Chief Deputy Director ay magiging pinal.
12. Terminasyon para sa Anumang Kadahilanan: Bilang karagdagan sa mga probisyon ng Paglabag sa itaas, maaaring wakasan ng HCAI ang Kasunduang ito at mapawalang-bisa sa anumang mga pagbabayad kung hindi maisagawa ng Grantee ang mga kinakailangan ng Kasunduang ito sa oras at sa paraang ibinigay. Dapat ibalik ng Grantee ang anumang hindi nagamit na Pondo ng Kasunduan na dating ibinigay sa Grantee sa petsa ng pagwawakas.
13. Namamahalang Batas: Ang Kasunduang ito ay pinamamahalaan ng at dapat bigyang-kahulugan alinsunod sa mga batas ng Estado ng California.
14. Hindi Maipapatupad na Probisyon: Kung hindi maipapatupad o pinaniniwalaang hindi maipapatupad ang anumang probisyon ng Kasunduang ito, sumasang-ayon ang mga partido na ang lahat ng iba pang probisyon ng Kasunduang ito ay may kapangyarihan at bisa at hindi maaapektuhan nito.

L. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng HCAI at Grantee

Ang mga kinatawan ng HCAI at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bawat partido sa panahon ng termino ng kasunduang ito ay nakalista sa ibaba. Idirekta ang lahat ng katanungan sa:

Ahensya ng Estado: Department of Health Care Access and Information	Programang HCAI na Ibinigay sa Ilalim ng: [Pangalan ng Programa]
Seksyon/Yunit: Office of Health Workforce Development	Pangalan, Apelyido ng Grantee: [Buong Pangalan ng Grantee]
Pangalan ng Program Officer: [Buong Pangalan ng Program Officer]	Address: [Address 1]
Address: 2020 West El Camino Avenue, Suite 1222 Sacramento, CA 95833	Numero ng Telepono 1: [Telepono 1]
Telepono: [Pangunahing Telepono ng Program Officer]	Numero ng Telepono 2: [Telepono 2]
Email: [Pangunahing Email ng Program Officer]	Email: [Email Address]

M. Pagkilala ng Mga Partido:

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, kinikilala ng Department of Health Care Access and Information (HCAI) at Grantee na ang Kasunduang ito ay tumpak na nagpapakita ng pag-unawa ng HCAI at Grantee kaugnay ng mga karapatan at obligasyon sa ilalim ng Kasunduang ito.

[Buong Pangalan ng Grantee]

Petsa

Para sa Department of Health Care Access and Information:

[Tagapamahala ng Mga Serbisyo sa Procurement at Kontrata]

Petsa